



Abril 2021

Sinasaklawan ng Medicare ang Bakuna para sa COVID-19

Ang mga adult na 65 at mas matanda na may malalang hindi gumagaling na mga medikal na kundisyon ay nasa mas mataas na peligro para sa mas malalang sakit mula sa coronavirus disease 2019 (COVID-19). Mahalagang kausapin ang iyong doktor o lokal na pangkalusugang departamento tungkol sa pagkuha ng bakuna para protektahan ang sarili mo at ang mga mahal mo sa buhay mula sa COVID-19.

Wala kang babayaran para sa bakunang COVID-19 at pamamahagi ng bakuna. Kapag nakatanggap ka ng bakuna para sa COVID-19, hindi ka masisinging ng tagapaglaan mo para sa pagbisita sa opisina o ibang bayarin kung ang bakuna ay ang tanging medikal na serbisyong kukunin mo. Kung kukuha ka ng ibang serbisyong medikal na kasabay ng pagkuha mo ng bakuna para sa COVID-19, maaaring may utang kang copayment o makakaltas para sa mga serbisyong iyon.

Siguruhing dalhin ang iyong **pula**, **puti**, at **asul** na Medicare card, para masingil ng iyong health care provider ang Medicare. Kakailanganin mo ang iyong Medicare card, kahit na naka-enroll ka sa isang Medicare Advantage Plan. Mag-log in sa (o gawin) ang ligtas mong account sa Medicare.gov para mag-print ng opisyal na kopya.

Kung nagbayad ka para makakuha ng bakuna para sa COVID-19

Kung nagbayad ka o siningil ka para sa bakuna para sa COVID-19, tingnan ang listahang ito para makita kung ang tagapaglaan mo ay dapat naningil sa iyo:

- Suriin ang mga resibo at statement na nakuha mo mula sa tagapaglaan mo para sa anumang mga pagkakamali.
- Tawagan ang opisina ng tagapaglaan mo para magtanong tungkol sa anumang mga singil sa nas palagay mo ay mali. Ang kausap mong tao ay maaaring makatulong sa iyong mas mabuting maunawaan ang mga serbisyong nakuha mo, o napagtanto na nagkamali sila sa pagsingil.
- Kung mayroon kang orihinal na Medicare, repasuhin ang iyong “Medicare Summary Notice” para sa mga mali. Iulat ang anumang kahina-hinala sa Medicare sa pagtawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227). Ang mga gumagamit ng TTY ay maaaring tumawag sa 1-877-486-2048.
- Kung may anumang pagsasaklaw kang tulad ng Medicare Advantage Plan, repasuhin ang iyong “Explanation of Benefits.” Iulat ang anumang kahina-hinala sa iyong insurer.

Kung sa palagay mo ay mali kang nasingil ng tagapaglaan mo para sa bakuna para sa COVID-19, humingi ng refund sa kanila. Kung sa palahay mo ay siningil ka ng tagapaglaan mo para sa pagbisita sa opisina o ibang bayarin, pero ang serbisyong nakuha mo ay bakuna para sa COVID-19, iulat sila sa Office of the Inspector General, U.S. Department of Health and Human Services sa pagtawag sa 1-800-HHS-TIPS o pagbisita sa TIPS.HHS.GOV.

Protektahan ang sarili mo mula sa panloloko

- Panatiliing ligtas ang iyong personal at pinansiyal na impormasyon.
- Mag-ingat sa mga manlolokong humihingi ng pera o ng iyong Medicare Number para bigyan ka ng bakuna para sa COVID-19 o mailagay sa waiting list ng pagbabakuna.
- Hindi ka maaaring magbayad para mailagay ang pangalan mo sa listahan para makakuha ng bakuna.
- Hindi ka maaaring magbayad para makakuha ng access sa bakuna.
- Huwag ibahagi ang iyong personal o pinansiyal na impormasyon kung may sinomang tumawag, mag-text, o mag-email sa iyo na nangangako ng access sa bakuna na may bayad.

Matuto pa tungkol sa bakuna para sa COVID-19

- Para sa higit pang impormasyon sa pagsasaklaw sa Medicare ng bakuna para sa COVID-19 at mga ibang kaugnay na serbisyo, pumunta sa [Medicare.gov/medicare-coronavirus](https://www.Medicare.gov/medicare-coronavirus). O tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227). Ang mga gumagamit ng TTY ay maaaring tumawag sa 1-877-486-2048.
- Para sa higit pang impormasyon sa progreso ng bakuna, pumunta sa [CDC.gov/coronavirus](https://www.CDC.gov/coronavirus).
- Kontakin ang lokal mong pangkalusugang departamento sa [CDC.gov/publichealthgateway/healthdirectories/index.html](https://www.CDC.gov/publichealthgateway/healthdirectories/index.html).

May karapatan kang kumuha ng impormasyon sa Medicare sa anyong maa-access, tulad ng malaking print, Braille, o audio. May karapatan ka ring magsampa ng reklamo kung sa palagay mo ay nadiskriminahan ka. Pumunta sa [Medicare.gov/about-us/nondiscrimination/accessibility-nondiscrimination.html](https://www.Medicare.gov/about-us/nondiscrimination/accessibility-nondiscrimination.html), o tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227) para sa karagdagang impormasyon. Ang mga gumagamit ng TTY ay maaaring tumawag sa 1-877-486-2048.

Ang produktong ito ay ginawa bilang gastos ng nagbabayad ng buwis sa U.S.

